# KITSAP TRANSIT

# PAMAMARAAN NG REKLAMO AYON SA TITULO VI

## PANIMULA

Hinihiling ng Titulo VI ng Batas ukol sa mga Karapatang Sibil ng 1964 na "Walang sinumang tao sa Estados Unidos ang, ayon sa lahi, kulay o pambansang pinagmulan, ibubukod sa pakikilahok, tanggihan ng mga benepisyo ng, o isailalim sa diskriminasyon sa ilalim ng anumang programa o aktibidad na tumatanggap ng pederal na pinansiyal na tulong."

Inilagay ng Kitsap Transit ang Pamamaraan ng Reklamo ayon sa Titulo VI, na bumabalangkas ng isang proseso para lokal na kalutasan ng mga reklamo alinsunod sa Titulo VI at akma sa mga tuntunin na makikita sa Kabanata IX ng Sirkular ng Federal Transit Administration 4702.1B, Oktubre 1, 2012.

Ang pamamaraan ng reklamo ay binalangkas sa ibaba:

**KARAPATANG MAGHAIN NG REKLAMO:** Ang sinumang tao na naniniwalang siya o sinumang mga espesipikong tao na isinasailalim sa diskriminasyon na ipinagbabawal ng Titulo VI ay maaaring maghain sa ganang sarili niya o kinatawan ng nakasulat na reklamo sa Kitsap Transit. Dapat na ihain ang reklamo na hindi mas huli sa 180 araw pagkatapos ng petsa ng pinaghihinalaang diskriminasyon, malibang ang oras ng paghahain ay pinalawig ng Kitsap Transit.

**PAGSUBAYBAY SA REKLAMO:** Sa sandaling matanggap ang isang reklamo, rerepasuhin ito para madetermina ang hurisdiksiyon (Mga Yamang Tao sa ilalim ng Titulo VI o ibang kagawaran sa ilalim ng isa pang proseso). Lahat ng mga reklamo ayon sa Titulo VI ay bibigyan ng numero sa pagsubaybay. Kung ang reklamo ay tinanggap ng mga Yamang Tao sa labas ng opisina ng serbisyo sa mamimili, ang kawani ng Yamang Tao ay makikipag-ugnayan sa serbisyo sa mamimili para makakuha ng numero sa pagsubaybay sa pamamagitan ng kanilang sistema ng pagsubaybay ng serbisyo sa mamimili.

**PAGTANGGAP NG REKLAMO:** Sa sandaling tinanggap ng Kitsap Transit ang reklamo ayon sa Titulo Vi, ang Direktor ng mga Yamang Tao, o itinalaga, ay tatasahin at iimbestigahin ito, posibleng sa pakikiisa sa legal na tagapayo ng Kitsap Transit. Makatatanggap ang nagrereklamo ng liham ng pagkilala na ipinababatid sa kanya na magsisimula ang imbestigasyon at/o humihiling ng karagdagang impormasyon. Kung hindi nakipag-ugnayan ang nagrereklamo sa imbestigador o hindi tumanggap ng anumang karagdagang impormasyon (kung hiniling sa liham ng pagkilala) sa loob ng ng tatlumpung (30) araw, maaaring administratibong isara ng Kitsap Transit ang kaso.

**MGA IMBESTIGASYON:** Gagawa ang Kitsap Transit ng maagap na imbestigasyon kahit kalian ipinahiwatig ng pagrepaso sa pagsunod, ulat, reklamo o anumang ibang impormasyon ang posibleng pagpalya sa pagsunod sa bahaging ito. Isasama sa imbestigasyon, kung saan angkop, ang pagrepaso ng mga mahahalagang kasanayan at polisiya ng Kitsap Transit, ang mga sirkumstansiya na sa ilalim nito posibleng naganap ang hindi pagsunod sa bahaging ito, at ibang mga salik na makabuluhan sa determinasyon kung nabigo ang Kitsap Transit na sumunod sa Titulo VI.

**MGA LIHAM NG NAPAG-ALAMAN AT KALUTASAN:** Pagkatapos na makumpleto ang imbestigasyon, gagawa ang (mga) imbestigador ng rekomendasyon na may kinalaman sa merito ng reklamo at kung may mga aksiyon na pangremedyo na mayroon para magbigay ng kalutasan. Ibibigay ng Direktor ng mga Yamang Tao ng Kitsap Transit sa nagrereklamo ang isa sa mga sumusunod na dalawang liham base sa mga napag-alaman nito:

a. Isang liham ng napag-alaman na nagpapahiwatig na walang nakitang paglabag ang Kitsap Transit sa mga regulasyon ayon sa Titulo VI ng DOT. Isasama ng liham na ito ang anumang mga paliwanag kung bakit walang nakitang paglabag ang Kitsap Transit at magbibigay ng abiso sa mga karapatan sa apela ng nagrereklamo. Kung mailalapat, maaaring kasama sa liham ang isang listahan ng mga paglabag o alalahanin sa pamamaraan na kuwestiyonable ang ilang mga kasanayan at kung walang mga hakbang na magwawasto, maaaring posibleng makita sa hinaharap ang paglabag.

b. Ang isang liham na napag-alaman na nagpapahiwatig na nakita ng Kitsap Transit ang paglabag sa mga regulasyon ayon sa Titulo VI ng DOT. Isasama sa liham na ito ang buod ng mga alegasyon at panayam ng bawat paglabag na tinukoy, isang maikling paglalarawan ng mga ipinanukalang remedy (kasama ang anumang disiplinaryong aksiyon, karagdagang pagsasanay ng miyembro ng kawani o ibang remedy/aksiyon), isang abiso ng inaasahang petsa ng pagkumpleto para sa mga ipinanukalang remedy at abiso sa mga karapatan sa apela ng nagrereklamo.

**PROSESO NG MGA APELA:** Mag-aalok ang mga liham ng napag-alaman at kalutasan sa nagrereklamo ng oportunidad na magbigay ng karagdagang impormasyon na aakay sa Kitsap Transit na muling isaalang-alang ang mga kongklusyon nito. Sa pangkalahatan, hinihiling ng Kitsap Transit na ang mga partido sa reklamo ay magbigay ng karagdagang impormasyong ito nang nakasulat, sa Lupon ng mga Komisyoner ng Kitsap Transit sa loob ng 60 araw sa kalendaryo ng petsa na ibinigay ang liham ng napag-alaman ng Kitsap Transit. Ang kahilingan para sa muling pagsasaalang-alang ay supisyenteng detalyado para maglaman ng anumang mga bagay na sa pakiramdam ng nagrereklamo ay hindi ganap na nauunawaan o nirepaso sa panahon ng imbestigasyon. Pagkatapos na marepaso ang impormasyong ito, ang itinalaga ng Lupon ng mga Komisyoner ng Kitsap Transit ay tutugon alinman sa pagpapalabas ng isang binagong liham ng kalutasan o napag-alaman sa partido na umaapela, o sa pagbibigay-alam sa partido na umaapela na ang orihinal na liham ng kalutasan o napag-alaman ay mananatiling may bisa. Nagpupunyagi ang Kitsap Transit na ibigay ang mga liham na ito sa loob ng 30 hanggang 60 araw na tinanggap ang apela. Kung tinanggihan ang kahilingan para sa muling pagsasaalang-alang, maaari ring magsumite ang nagrereklamo ng reklamo sa Kagawaran ng Transportasyon para sa imbestigasyon, sa Punong Himpilan ng Rehiyon X ng FTA:

Attn: Civil Rights Officer
Jackson Federal Building
915 Second Avenue, Suite 3142
Seattle, WA 98174
Telepono: (206) 220-7954
Fax: (206) 220-7959

Alinsunod sa Kabanata IX, mga Reklamo sa Diskriminasyon ng Titulo VI, ng Sirkular ng FTA 4702.1B, ang gayong reklamo ay dapat isumite sa loob ng 180 araw sa kalendaryo pagkatapos ng petsa ng pinaghihinalaang diskriminasyon. Ang Kabanata IX ng Sirkular ng FTA 4702.1B, na bumabalangkas sa proceso ng reklamo ng Kagawaran ng Transportasyon, ay maaaring makuha sa pamamagitan ng paghiling ng isang kopya mula sa Kagawaran ng mga Yamang Tao ng Kitsap Transit (360) 478-6227.

*Inilalaan ng Kitsap Transit ang karapatan na italaga ang anumang reklamo ayon sa Titulo VI sa Manananggol ng Kitsap Transit para sa disolusyon ng anuman o lahat ng mga bahagi ng prosesong ito. Kung gayon, makikipag-ugnayan ang Manananggol sa nagrereklamo.*

Para sa higit pang impormasyon sa internet pumunta sa: http://www.fta.dot.gov/civil_rights.html

___________________________________ __________________
Jeff Cartwright, Direktor ng mga Yamang Tao Petsa